Buod ng Balita sa Kagawaran ng Paggawa

Kagawaran ng Paggawa ng U.S. | Nob. 16, 2016

Kumpanya ng residensyal na pangangalaga sa Washington, magbabayad ng $518K na back pay at danyos sa 39 na caregiver dahil sa mga paglabag sa minimum na sahod at overtime

Employer: Good Shepherd Home Inc., isang pasilidad ng residential na pangangalaga na nakikipagtransaksyon bilang Good Shepherd Home, na may mga tanggapan sa Shoreline, Washington

Mga Lokasyon:

15503 8 Ave. N.E.	754 North 203 St.
18361 Dayton Place N.	200 NW 198 St.
15010 Linden Ave. N.	18060 8 Ave. NE

Mga napag-alaman sa pagsisiyasat: Sa isang pagsisiyasat ng Wage and Hour Division (Dibisyon ng Sahod at Oras ng Trabaho) ng Kagawaran ng Paggawa ng U.S., napag-alamang *lumabag ang Good Shepherd Home sa mga probisyon sa minimum na sahod at overtime ng Batas ng Mga Pamantayan sa Patas na Paggawa (Fair Labor Standards Act). Partikular dito, iisang rate lang ang ibinayad ng employer* sa mga empleyado nito araw-araw, nang hindi isinasaalang-alang ang aktwal na bilang ng oras na kanilang ginugol sa trabaho. Dahil doon, nagkaroon ng mga paglabag sa minimum na sahod dahil mas maliit ang mga halagang iyon sa $7.25 bawat oras, at may mga naging paglabag sa overtime dahil mahigit 40 oras ang ginugol ng mga empleyado sa trabaho sa loob ng isang linggo ngunit wala silang natanggap na karagdagang bayad. Sa panahong iyon, madalas ay 12 hanggang 24 na oras ang shift ng mga manggagawa. Napag-alaman din ng mga tagapagsiyasat na hindi nagawa ng employer na ito na magtabi ng mga tumpak na talaan para sa mga oras ng trabaho, na labag sa mga probisyon sa pagtatala ng FLSA.

Pasya: Magbabayad ang Good Shepherd Home ng $259,030 na back pay at karagdagang danyos na katumbas nito sa mga caregiver na hindi nabayaran nang sapat, sa kabuuang $518,060.

Sipi: Ayon kay Jeanette Aranda, district director ng Wage and Hour Division sa Seattle, "Ang masisipag na caregiver sa mga adult family home na ito ay nagtatrabaho ng ilang oras para sa kalusugan at kaginhawaan ng mga nakatatanda at may kapansanang residente." "Dapat bayaran ng mga employer ang kanilang mga empleyado para sa kabuuang oras na kanilang ginugugol sa trabaho – ang pagbabayad ng arawang rate o sahod ng mga pasilidad na ito ay hindi nangangahulugang maaari na nilang talikuran ang kanilang obligasyon na magbayad ng minimum na sahod at overtime. Gaya ng ipinapabatid ng pasya sa kasong ito, patuloy naming gagamitin ang lahat ng magagamit naming tool sa pagpapatupad upang tiyaking maiuuwi ng mga manggagawang ito ang lahat ng kanilang pinagtrabahuhan hanggang sa kahuli-hulihang sentimo."

Maa-access ang mga balita tungkol sa Kagawaran ng Paggawa ng U.S. sa http://www.dol.gov. Kino-convert ng Reasonable Accommodation Resource Center ng kagawaran ang impormasyon at mga dokumento nito sa mga alternatibong format, kasama ang Braille at malaking print. Para sa mga kahilingan sa alternatibong format, mangyaring makipag-ugnayan sa kagawaran sa (202) 693-7828 (voice) o (800) 877-8339 (federal relay).

Impormasyon: Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga sahod at pasilidad ng residential na pangangalaga, mangyaring sumangguni sa sumusunod na sheet ng impormasyon: https://www.dol.gov/whd/regs/compliance/whdfs33.htm

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas ng pederal sa sahod na ipinapatupad ng Wage and Hour Division, tumawag sa toll-free na helpline ng ahensya sa 866-4US-WAGE (487-9243). Makakakuha rin ng impormasyon sa http://www.dol.gov/whd.

# # #

Mga Makakaugnayan sa Media:
Leo F. Kay, 415-625-2630, kay.leo.f@dol.gov
Jose A. Carnevali, 415-625-2631, carnevali.jose@dol.gov

Release Number: 16-2089-SAN

Maa-access ang mga balita tungkol sa Kagawaran ng Paggawa ng U.S. sa http://www.dol.gov. Kino-convert ng Reasonable Accommodation Resource Center ng kagawaran ang impormasyon at mga dokumento nito sa mga alternatibong format, kasama ang Braille at malaking print. Para sa mga kahilingan sa alternatibong format, mangyaring makipag-ugnayan sa kagawaran sa (202) 693-7828 (voice) o (800) 877-8339 (federal relay).